ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LIV Blg. 6
Marso 21, 2023
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Ipagtanggol ang soberanya ng bansa sa gitna ng imperyalistang bangayan


Patuloy na sumisidhi ang inter-imperyalistang bangayan sa gitna ng pang-uupat ng US sa China. Habang tumitindi, lalong hinihigop ang Pilipinas sa alimpuyo ng sigalot na ito. Kinakaharap ng sambayanang Pilipino ang lumalaking posibilidad na ang Pilipinas ay muling maging larangan o lunsaran ng digmaan ng mga imperyalistang kapangyarihan, katulad ng nangyari na sa kasaysayan nang sumiklab ang ikalawang digmang pandaigdig, at pinaggerahan ang bansa ng US at Japan.

Ang ganitong posibilidad ay bunsod ng pagkakanulo ng rehimeng Marcos sa kasarinlan ng bansa sa gitna ng lumalakas at agresibong panghihimasok militar ng mga imperyalista para gamitin ang Pilipinas na moog sa kanilang ribalan. Iginigiit ni Marcos ang patakarang "walang kaaway" para bigyang matwid ang pagiging sunud-sunuran sa plano ng US na magtayo ng karagdagang mga base militar sa loob ng bansa, at ang pagpapakabusabos sa China sa harap ng pagpapalapad ng kapangyarihang pang-ekonomya at pangmilitar sa karagatang saklaw ng teritoryo ng bansa sa West Philippine Sea.

Nagmamadali ngayon ang gubyernong US na magtayo ng hanggang limang karagdagang base militar at mga pasilidad sa loob ng mga kampo ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Para diumano ito sa paghahatid ng tulong kapag may sakuna, pero malinaw na bahagi ng paghahanda ng US ng "teatro ng digmaan" at may layuning itaas ang armadong tensyon sa China. Animo'y panghahamon ang planong maglunsad ng pinagsanib na mga "war exercise," kabilang ang planong magpakat ng hindi bababa sa 12,000 tropang Amerikano para sa Balikatan sa Abril, sa ngalan ng "pagtatanggol sa kapuluan."

Bukod sa Pilipinas, pinalalaki rin ng US ang presensyang militar nito sa Japan, Korea at iba pang bansa sa palibot ng China. Ang mga dambuhalang *aircraft carrier* o barkong pandigma nito ay pirmeng ipinwesto sa mga karagatan sa silangan at kanlurang panig ng Pilipinas, sa karagatan ng Japan at malapit sa Taiwan Strait. Nagbenta ito sa Australia ng dalawang submarinong de-nukleyar upang ibayong palakasin ang presensyang militar ng US at mga alyadong militar nito sa South China Sea.

Pinalalabas ng US na lahat ito'y bahagi ng "military deterrence" o estratehiya ng pagsawata sa China, pero katunaya'y opensibang aksyon ito para itulak ang China gumawa ng ganting aksyon militar. Walang tigil na sinusulsulan ng US ang paghihiwalay ng Taiwan sa China, taliwas sa matagal na nitong One China Policy o pagkilala na bahagi ng China ang Taiwan. Inaabangan ng US ang China na "unang bumunot ng baril"



at gamitin ang "pagtatanggol sa Taiwan" para ilunsad ang armadong panghihimasok, katulad nang ginamit nito ang Ukraine para udyukan ang Russia.

Nagbanta kamakailan ang embahada ng China sa Pilipinas na ang planong pagtatayo ng karagdagang mga base militar ng US sa Luzon ay "(pipinsala sa) pambansang interes ng Pilipinas at magsasapanganib ng kapayapaan at katatagan sa rehiyon." Lalo lamang pinaiigting ng gayong pahayag ang init ng tunggalian. Tahasan nitong nilapastangan ang dignidad ng mga Pilipino sa pagsabi kung ano ang mabuti sa Pilipinas, gayong ito mismo'y nagtayo ng malalaking pasilidad militar sa South China Sea na kumakamkam sa teritoryong pandagat ng Pilipinas at nagkakait ng kabuhayan sa mga mangingisdang Pilipino.

Nasa gitna ngayon ang Pilipinas ng krusyal na yugto sa kasaysayan, sa harap ng lumalaking posibilidad ng pagsiklab ng inter-imperyalistang armadong sigalot. Panahon ngayon na pagtibaying muli ng sambayanang Pilipino ang pagmamahal sa bayan at palakasin ang paninindigang ipagtanggol ang kasarinlan ng bansa. Ang kalayaan at karangalan ng bansa ngayon ay walang habas na nilalapastagan ng mga imperyalistang kapangyarihan sa paggamit nila sa Pilipinas bilang larangan ng kanilang pagpapakitang-gilas, pagmamaniobrang militar at paghahanda sa digmaan.

Dapat magkaisa ang lahat ng Pilipinong nagmamahal sa kalayaan at kapayapaan. Sa gitna ng tumitinding tunggaliang inter-imperyalista, dapat tuligsain ng sambayanang Pilipino ang US at China sa girian at paligsahan sa lakas militar, batikusin ang kanilang paghahanda sa gera na dumadamay sa teritoryo ng Pilipinas, itaguyod ang kasarinlan ng Pilipinas at makibaka para sa tunay na pambansang kalayaan at hindi pagpanig sa ribalan ng mga imperyalistang kapangyarihan.

Dapat tutulan ng sambayanang Pilipino ang pagtatayo ng karagdagang mga baseng militar at pasilidad ng US sa Pilipinas. Dapat palayasin ang lahat ng mga tropang Amerikano, kagamitan at sandatang militar ng US sa Pilipinas. Gayundin, dapat palayasin ang lahat ng barkong pandigma ng China na lumalabag sa teritoryong pandagat ng Pilipinas at nagkakait sa kabuhayan ng mga mangingisdang Pilipino. Dapat labanan ang mapanghamong mga *war exercise* at itulak ang paglalansag sa lahat ng dayuhang base militar sa Pilipinas, sa US man ang mga ito o sa China.

Dapat patuloy na pahigpitin ng sambayanang Pilipino ang pakikipag-ugnayan at pakikipagkaisa sa ibang mamamayan sa Asia at iba pang panig ng mundo na tumututol sa imperyalistang panghihimasok militar sa kanilang mga bansa. Buuin at palawakin ang nagkakaisang prente para labanan ang inter-imperyalistang paghahanda sa gera upang pigilan ang pagsiklab ng mga ito.

Ang sumisidhing armadong tensyon ng US at China ay manipestasyon ng mabilis na lumulubhang sigalot ng mga imperyalista sa gitna ng matalim na pandaigdigang krisis ng kapitalismo na kinatatampukan ng krisis sa sobrang produksyon at pagsadsad ng tantos ng tubo. Nahuhumaling ngayon ang nangungunang mga kapitalistang kapangyarihan na proteksyunan ang sarili nilang mga ekonomya habang pinalalawak ang kanilang neoliberal na impluwensya at pamumuhunan. Tulad sa nakaraan, humahantong ito sa mga gera para baguhin ang hatian ng mundo sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan.

Tutol ang rebolusyonaryong kilusan sa mga digmaang imperyalista, tuwiran man o gamit ang mga bansa na animo'y pyesa sa larong *chess*. Pawang nagsisilbi ang mga ito sa interes ng mga monopolyong kapitalista at lumulupig sa interes at kapakanan ng mga bansa at masang anakpawis. Dapat buuin ang pinakamalapad na pagkakaisa laban sa inter-imperyalistang gera. At sakaling sumiklab, dapat itong itransporma sa isang rebolusyonaryong gera o paigtingin ang mga digmang bayan para wakasan ang imperyalistang paghahari at isulong ang sosyalismo para likhain ang bagong sistemang tatapos sa lahat ng digmaan sa buong daigdig. AB

ANG Bayan

Tomo LIV Blg. 6 | Marso 21, 2023

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Ipagtanggol ang soberanya ng bansa sa gitna ng bangayan ng US at China 1
Balitaan ng hukbong bayan sa Camarines Norte 3
Ambag ng kabataan sa armadong kilusan 4
Cha-cha ni Marcos Jr, kopya sa kanyang ama 5
Bagong tayong detatsment, pinasabugan 6
Ang pagsamsam ng 14 na baril Eastern Samar 6
Mga protesta 6
Sa madaling salita 7
Mga komunidad sa Kalinga, Bukidnon, kinanyon 8
Determinasyon ng kababaihan sa digma 9
Pakikibakang manggagawa, sumusulong 10
Pandaigdigang kampanya, inilulunsad ng FFPS 10
Araw ng Kababaihan: Trabaho at karapatan 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph @angbayan1969

Koresponsal

# Balitaan ng hukbong bayan sa Camarines Norte

Alam n'yo bang 18 buwan sa bartolina si Ka Joma?" Ito ang pambukas ng Pulang kumander sa bahaging tanong-sagot ng pang-umagang pulong ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa Camarines Norte sa ilalim ng Armando Catapia Command (ACC). Paksa para lubusang makilala ang dakilang lider ng kasalukuyang rebolusyong Pilipino mula ang pakikipagdebate ni Jose Maria Sison sa mga upisyal ng lumang Partido Komunista ng Pilipinas, hanggang sa madilim na karanasan niya sa pagkakapiit, at maging sa paborito niyang prutas na mangga.

Sa pagpasok ng 2023, naging regular na bahagi ng pulong ng kumand sa iba't ibang yunit ng BHB ang tungkol sa buhay at pakikibaka ni Ka Joma. Ginamit na sanggunian ang sariling talambuhay niya na "Tanaw mula sa Loob." Layunin nitong sariwain at ipakilala ang naging mahalagang ambag ng tagapangulong tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Bahagi ang talakayan sa buhay at pakikibaka ni Ka Joma sa pagsisikap ng BHB sa Bicol para ibwelo ang mga rebolusyunaryong gawain sa rehiyon. Nakabilang sa mga pinag-aralan ng mga kadre at pulang mandirigma ang "Hindi Magagapi ang Demokratikong Rebolusyon sa Pilipinas"" na pinakahuling pahayag na naisulat ni Ka Joma bago siya pumanaw.

Muling pinag-aralan sa paraang paglalapat ng sariling karanasan sa lalawigan ang "Ang Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan." Gayundin ang mga piling sulatin ni Zhue De, mga regular at espesyal na isyu ng Ang Bayan at ang mismong pahayag ng Partido sa kanyang ika-54 na taon para gabayan ang mga kumander at mandirigma sa pinakahuling kalagayan ng rebolusyong Pilipino at paano ito dadalhin sa walang kaparis na antas sa nakaraan.

Pinangunahan ng departamento sa pulitika ng ACC ang kampanyang pag-aaral. Sa pagtutulungan ng mga instruktor at giya sa pulitika, sistematikong pinadaloy sa iba't-ibang pormasyon ang arawang talakayan sa pulitika.

"Ang buhay at pakikibaka ni Ka Joma ay ang kasaysayan din ng ating pinakamamahal na Partido Komunista ng Pilipinas na ngayon ay nasa ika-54 na taon na nitong paglilingkod sa interes ng sambayanang Pilipino," pagtatapos ng Pulang kumander sa kanyang tribya sa araw na iyun.

**Balitaan at pagtatanghal**

Para higit na pukawin at maengganyo ang mga upisyal at mandirigma ng ACC sa kilusang pag-aaral, inilunsad ang Kapehan at Sigaw ng Bayan.

Ang Kapehan ay isang programang pangkultura para konsolidahin ang isip, pananaw at paninindigan ng mga kadre at Pulang mandirigma bilang sandata sa pagsusulong ng rebolusyon. Pinaksa sa nakaraan ang tres-otso, tatlong demokrasya sa loob ng hukbo, makauring pagmamahalan sa loob ng kilusan at ang walang hanggang pagpapahalaga sa mga tungkulin. Naging kapana-panabik ang Kapehan na tinawag ding "Gabi ng Walang Tanggihan" kung saan hinihingan ng pangkulturang pagtatanghal ang lahat, lalo na ang mga bagong rekrut sa hukbong bayan.

Ang "Sigaw ng Bayan" ay ang programang pambalitaan sa loob ng Pulang himpilan ng ACC na regular na umere sa buong buwan ng Enero. Nahati ito sa dalawang bahagi. Ang una ay ang pagbabalita ng mga rekrut mula sa mga nakalap na balita sa radyo at kalapit na komunidad. Ang programang pambalitaan ay mayroon ding regular na ulat pangkalusugan, tribya para sa dagdag kaalaman at pagtatanghal ng awit o tula.

Habang sa ikalawang bahagi naman ay ang editoryal na pinamagatang "Sulo ng Koprasan" kung saan sinusuri at ipinapahayag ang tindig ng rebolusyunaryong kilusan at masang api sa mga balita at isyung panlipunan. Layunin nitong masanay ang mga kasama sa pagsasalita, pagsusuri at makapagsanay ng propagandista sa hanay ng magsasakang kumander at mandirigma.

Determinado ang komite ng Partido sa probinsya na itaas ang kaalaman at pag-unawa ng mga kadre at Pulang mandirigma sa mga batayang prinsipyo para pamunuan ang iba't-ibang larangan ng gawain. AB



Koresponsal

# Ambag ng kabataan sa anibersaryo ng BHB

Pangkat-pangkat ng Kabataang Makabayan (KM) sa Northeastern Mindanao Region ang nagpinta ng mga panawagan sa higit 15 bayan ng Surigao del Sur at Agusan del Sur sa nagdaang mga linggo. Pinuno nila ang mga dingding at kalsada ng mga katagang "NPA 54", "Viva CPP-NPA-NDF" at "Sampa sa NPA."

Bahagi ang aktibidad sa "operasyong pinta at operasyong dikit" o OP-OD ng KM bilang paggunita at paghahanda sa darating na ika-54 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Bago ang mismong aktibidad, nagtipon ang mga kasapi ng KM sa rehiyon para magpulong at magplano at itakda ang sistema, moda at koordinasyon ng aktibidad. Matapos tukuyin ang mga lugar na sasaklawin ng aktibidad, pinaghatian ng mga balangay ang mga baryo at bayan.

Nagbuo sila ng 2-3 ka taong tim para sa pagpinta at dikit. Mayroon namang mga tim na itinalaga para magrekorida at sarbey. Tiniyak ng mga ito ang seguridad ng mga lugar kung saan isasagawa ang operasyong pinta-dikit.

Puno ng sigasig ang mga kabataang naglunsad ng aktibidad. "Sa una ay kinabahan kami pero sa kabila nito ay mayroong pananabik din dahil sa magiging ambag namin sa darating na anibersaryo," ayon sa isang kabataang lumahok. "Mas na-*excite* kami sa susunod na mga tungkulin na pamamahagi ng mga polyeto at postering."

"Natutuwa kami sa aming naging ambag sa pagdiriwang ng anibersaryo ng BHB. Maliit man ito, mahalaga pa rin sa propaganda para sa pagsulong ng pakikibaka," ayon pa sa isang lumahok.

Isang kasapi ng KM ang nagpahayag ng kapasyahang magpultaym sa BHB matapos ang aktibidad. Nangako naman ang iba na susunod na rin sa darating na mga panahon.

Naging tampok ang OP/OD bilang porma sa propaganda noong panahon ng diktadurang US-Marcos. Inilulunsad ito ng mga aktibista para ihayag ang kanilang paninindigan sa mga isyu at pagkundena sa bulok na naghaharing sistema habang umiiwas na madakip o mahuli ng pasistang tropa ng diktadura. Naging malaganap ang OP-OD, mga peryodikit, mga poster na may iba't-ibang laki sa mga pader, tambayan, sa loob ng mga bus at dyip at iba pang lugar.

**KM sa Southern Tagalog**

Hindi maikakaila na binubuo ng kabataan, edad 18 hanggang 35, ang mayorya ng mga Pulang mandirigma. Binibigyan nila ng kakaibang sigla at bentahe ang hukbo ng mamamayan. Patunay sila sa lalim ng ugat ng hukbo at rebolusyon sa masa.

Bago magpultaym, marami sa kanila ay dumaan sa pagiging kasapi ng Kabataang Makabayan (KM) sa kani-kanilang lugar. Kabilang sa kanila sina Ka Arnold at Ka Mabolo, kabataang mandirigma sa isang larangan sa Southern Tagalog (ST).

Napagtanto niya na wala gaanong kaiba sa sitwasyon noon at ngayon. "Kitang-kita ang malubhang kalagayaan ng kabataan, lalo noong panahon ng pandemya," aniya. Kaya nang imbitahan siyang sumali sa KM, agad niya itong tinanggap.


"Astig!" ang reaksyon ni Ka Mabolo, isang kabataan sa kalunsuran, ang imbitahan siya sa KM. "Mukhang *exciting*, at makasaysayan pa!" Aniya, manghang-mangha siya noon nang ipaliwanag sa kanya na ang KM ang isa sa pinakauna at pinakamalaking nagsulong ng kilusang masa laban sa diktadura ni Ferdinand Marcos Sr, ama ng kasalukuyang presidente.

Di nagtagal, nagpasyang buong-panahong kumilos sa hukbong bayan ang dalawa.

"Tulad ng pagkamulat ko sa KM, ganun din ang proseso ng pagpasya kong sumapi sa hukbong bayan," salaysay ni Ka Arnold. "Nang mapag-aralan at makita ko kung gaano kahalaga ang armadong pakikibaka, unti-unti kong napapagtanto na walang ibang patutunguhan ang lahat ng ating daan kundi papunta sa kanayunan."

"Isang napakalaking hamon sa mga kabataan ang pagsapi sa Hukbo, pero marami na ring mga kabataang gaya natin ang nauna nang nagpanday ng ating tatahaking daan," aniya.

"Sabi nga ni Ka Joma, ang pinakamahuhusay na kabataan ay siyang iniluluwal ng pakikibaka!" AB



# Cha-cha ni Marcos Jr, kopya sa kanyang amang diktador

Sa kasaysayan ng Pilipinas, huling nagkaroon ng Constitutional Convention (Con-con) para baguhin ang reaksyunaryong konstitusyon (*charter change* o cha-cha) noong 1971 sa ilalim ni Ferdinand Marcos Sr. Tulad ng ginawa noon ng kanyang amang diktador, muling isinasalaksak ni Ferdinand Marcos Jr sa lalamunan ng bayan ang pakanang Con-con.

Nitong Marso, walang kakurap-kurap na iniratsada ng Kongresong pugad ng luma at dating alipures ng mga Marcos ang dalawang panukala para sa Con-con. Ipinasa noong Marso 6 ang Resolution of Both Houses No. 6 na nagtatakda ng pagbubuo ng Con-con. Noong Marso 14, inaprubahan nito ang Constitutional Convention Act (House Bill 7352) na nagtakda ng mga pamamaraan para isagawa ang kumbensyon.

Sa ilalim nito, ihahalal ang mga delegado ng Con-con kasabay ng eleksyong pambarangay sa Oktubre 30. Magkakaroon ng kinatawan ang bawat distrito na manunungkulan mula Disyembre 1, 2023 hanggang Hunyo 30, 2024. Babayaran sila ng ₱10,000 kada araw ng kanilang pagdalo sa sesyon ng komite o kapulungan. Isasalang sa isang plebisito ang mga pagbabagong imumungkahi ng kapulungan. Tinatayang aabot sa ₱15 bilyon ang gagastusin para sa buong iskema.

**Cha-cha para sa dayuhan at dinastiya sa pulitika**

Isang neliberal at awtoritaryang konstitusyon ang itutulak ng pangkating Marcos, kasama ng mga alyado nitong pangkating Duterte, Arroyo at Estrada. Lakip dito ang pagpapalawig sa termino ng nakaupong presidente at higit rito, pagligalisa sa mga istruktura ng pasismo. Hindi malayong maulit ang ginawa noon ng diktador na Marcos Sr at asawang niyang si Imelda na panunuhol sa mga delegado sa 1971 Constitutional Convention sa nabantog na Quintero payola. Makaraang ipataw ang batas militar, inilusot ang Konstitusyong 1973 sa pamamagitan ng maanomalyang pambansang plebisito na idinaan lamang sa pagtataas ng mga kamay sa mga asembleya ng barangay.

Panloloko ang sinasabing ililimita sa mga probisyon sa ekonomya ang pagbabago sa konstitusyon. Inamin mismo ng mga naglalako ng Con-con na walang makakalimita sa kapangyarihan nito (o kahit ng alternatibong *constituent assembly*) na baguhin ang buong konstitusyon. Lalong malaking panlilinlang na uunlad ang bansa kung aalisin ang mga restriksyon sa pagmamay-ari at kontrol ng dayuhan sa mga lupa at ilang pinoprotektahang bahagi ng ekonomya. Ibubunga nito ang lalong pandarambong sa bansa ng mga imperyalista at ilang kasabwat nilang malalaking burgesyang kumprador, panginoong maylupa at burukrata-kapitalista.

Reaksyunaryo ang Konstitusyong 1987 dahil pinanatili at pinagtibay nito ang sistema ng pagsasamantala at pang-aapi ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Ngunit napilitan ang naghaharing uri na magbigay ng ilang konsesyon dulot ng malakas na makabayan at demokratikong kilusan matapos ang Pag-aalsang Edsa noong 1986. Kabilang sa konsesyon ang limitasyon sa mga termino ng mga halal na upisyal, limitasyon sa pagpataw ng batas militar, listahan ng batayang mga karapatang-tao, representasyon ng aping mga sektor sa sistemang *party list*, proteksyon sa ilang bahagi ng pambansang ekonomya, pagbabawal sa mga dayuhang base militar, armas nukleyar at patakarang gera.



**Pakanang taliwas sa interes ng sambayanan**

Ang pakanang cha-cha ni Marcos Jr kontra-mamamayan, kontra-mahirap, kontra-makabayan at kontra-demokratiko. Labis na masama at mapaminsala sa mamamayan at bansa ang pakay nito.

Mayroon itong apat na litaw na layunin. Una, alisin ang umiiral na limitasyon para makapagpalawig sa poder ang pangkating Marcos at mga dinastiyang pulitikal. Pangalawa, pagtibayin at sementuhin ang mga patakarang neoliberal at tanggalin ang restriksyon para ganap na mapag-ari at lalong madambong ng mga imperyalista at dayuhan ang lupain at ekonomya ng bansa na magpapalala sa pang-aagaw sa kabuhayan ng mamamayan. Pangatlo, pahinain ang proteksyon sa mga karapatang-tao at restriksyon laban sa batas militar at panunumbalik ng pasistang diktadura. Pang-apat, pawiin ang mga pagbabawal sa dayuhang mga base militar, armas nukleyar at patakarang gera pabor sa imperyalistang US.

Matagal nang itinutulak ng American Chamber of Com-

*Sundan sa pahina 6*

Mula sa pahina 5

merce of the Philippines, ng gubyerno ng US at mga imperyalistang institusyong pampinansya ang pagbabago sa konstitusyon. Gayunpaman, may ilang grupo ng malalaking negosyo na nagpahayag ng pagkabahala sa totoong pampulitikang pakay ng pakana. Batid nilang hindi kagyat na kailangan ang amyenda sa mga probisyon sa ekonomya dahil naipasa na ang mga batas na lalong nagbubukas dito. Nababahala sila sa idudulot na instabilidad at kaguluhang sa naghaharing sistemang pampulitika dala ng pagbabago sa mga limitasyon sa termino.

Batid na ng malawak na mamamayan ang masamang balak ng Marcos cha-cha. Tinutuligsa nila ang pagwawaldas ng panahon at pondo ng bayan sa pakana imbes na harapin at tugunan ang masidhing krisis pangkabuhayan ng mamamayan. Ang pagkakaisa at sama-samang pagkilos at paglaban nila ang makadidiskaril, makahahadlang at makapagpapaatras sa Marcos cha-cha. AB

## Bagong tayong detatsment sa Negros Oriental, pinasabugan ng BHB

PINASABUGAN NG DALAWANG *rifle grenade* ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros ang detatsment ng 62nd IB sa Barangay Malangsa sa Vallehermoso, Negros Oriental noong Marso 15. Dalawang sundalo ng 62nd IB ang napatay habang dalawa pa ang nasugatan.

Ayon sa yunit ng BHB, inirereklamo ng mga residente ang naka-istasyong tropa ng 62nd IB sa naturang barangay. Iniulat ng mga residente ng Barangay Malangsa ang iba't ibang paglabag sa karapatang-tao kabilang ang sapilitan pagpapatrabaho sa kanila ng mga sundalo, at walang batayang pag-aakusa at pilit pagpapasuko na diumano'y "suporter" ng hukbong bayan.

Sa Canlaon City, binulabog ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Central Negros ang nag-ooperasyong tropa ng 62nd IB sa Sityo Batangbatangan, Barangay Bucalan noong Marso 6. Isa ang napatay at isa ang nasugatang sundalo sa operasyong harasment.

Sa Camarines Sur, kambal na operasyong harasment ang inilunsad ng mga yunit BHB-West Camarines Sur noong Pebrero 28 laban sa dalawang detatsment ng militar sa bayan ng Ragay. Unang pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang detatsment sa Barangay Baya na sinundan ng pagatake sa detatsment sa Barangay Patalunan.

Samantala, dalawang tropa ng Special Action Force (SAF) ng pulis ang napatay sa aktibong depensa ng BHB-Mindoro laban sa isang kolum ng nag-ooperasyong yunit ng 10th SAF Battalion at 203rd Brigade sa Sityo Naksib, Barangay Sta Cruz, Bongabong, Oriental Mindoro noong Marso 15. Walang kaswalti sa hanay ng mga Pulang mandirigma na ligtas na nakaatras matapos ang limang minutong sagupaan.

## Ang pagsamsam ng 14 na baril sa lasing na mga sundalo sa Eastern Samar

NOONG OKTUBRE 7, 2022, 14 na armas ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma matapos salakayin at lubusang gapiin ang mga sundalo ng 52nd IB at mga pulis na nagkakampo sa Barangay Dorillo, Jipapad, Eastern Samar.

Matagal nang inirereklamo ng mga residente ang presensya ng mga sundalo at pulis sa ilalim ng Retooled Community Support Program (RCSP). Kabilang sa kanilang mga paglabag ang pagkakampo sa mismong barangay hall at walang-habas na pagpapaputok ng baril. Kaya naman buong lugod na sinuportahan ng masa ang paglulunsad ng taktikal na opensiba.

Itinaon ng mga Pulang mandirigma ang reyd sa pista ng barangay. Lasing at tulog ang mga sundalo nang sumalakay ang mga Pulang mandirigma. Matapos ang 11-minutong palitan ng putok, sumuko ang mga sundalo at pulis. Dalawa ang napatay na sundalo at tatlo ang sugatan. Agad nilapatan ng paunang lunas ang mga nasugatan.

Labing-apat na armas, kung saan siyam ay mataas na kalibreng riple, ang nasamsam mula sa reyd. Kabilang dito ang pitong ripleng R4, isang M203 greande launcher, isang Galil *assault rifle*, tatlong .45 kalibreng pistola at dalawang 9mm pistola. Nakakumpiska rin ang mga kasama ng maraming bala, walong ammunition pouch, siyam na military pack, dalawang radyo at isang radyong Harris. May mga selpon, *powerbank* at iba pang gamit militar pa silang nasamsam.


Bilang tugon sa malaking kabiguan, kinanyon kinabukasan ng mga sundalo ang mga sakahan sa pagitan ng mga barangay ng Dorillo at Cagmanaba. Di bababa sa walong kolum ng kaaway ang sumuyod sa magkalapit na lugar pero bigo silang abutan ang mga mandirigma.

**Protesta sa Batangas.** Nagtungo ang mga manggagawa at maliliit na magsasaka ng katubuhan na apektado sa pagsasara ng Central Azucarera de Don Pedro Inc (CADPI) sa Batangas sa harap ng upisina ng kumpanya sa Taguig noong Marso 17. Giit nila ang agarang tulong pinansyal.

**Kontra-dam sa Kalinga.** Sinabayan ng pagkilos ng mga katutubong mamamayan ng Pinukpok at Balbalan, Kalinga noong Marso 13 ang pagsampa ng petisyon ng kanilang mga lider laban sa Saltan E. Hydroelectric power plant. Anila, maanomalya ang kasunduang binuo nito sa isa sa mga tribu noong Pebrero 9 at dapat itong ipawalambisa.

**Kontra-reklamasyon sa Cavite.** Isang *fluvial parade* ang isinagawa ng mga mangingisda at residente ng Rosario, Cavite noong Marso 14 laban sa *dredging* na isinasagawa sa kanilang pangisdaan na nagsimula noon pang 2021.

# SA MADALING SALITA



**1.37 milyon** naitalang batang manggagawa o ***child worker*** sa Pilipinas noong 2021.

**65%** sa kanila, edad 5 hanggang 17, ay nasa "mapanganib" na mga trabaho na di angkop sa mga bata.

## Marso 17, 1995


binitay si **Flor Contemplacion** sa **Singapore** sa kaso ng pagpatay.

Pinatingkad ng kanyang kaso ang kapabayaan ng estado sa kalagayan ng kababaihang migranteng Pilipino. Sa kabuuang 1.825 milyong OFW noong 2021, 1.10 milyon ay kababaihang manggagawa, marami sa mga trabahong bulnerable sa abuso.

## 5.1%

ang itinaas ng halaga ng benta ng armas sa buong mundo sa nakaraang limang taon.

Nananatiling pangunahing tagabenta ang US, habang bumwelo ang pagbenta ng kaalyado nitong bansa sa Europe nang 47%.




## CARHRIHL

pinirmahan noong **Marso 16, 1998** ni NDFP Chairperson Mariano Orosa.

## 1,066

### Hermes 90 UAV




binili ng AFP na maliliit na *drone* paniktik sa halagang **$153 milyon** o ₱7.65 milyon kada isa.

Gawa ang mga ito ng **Elbit Systems**, nangungunang kumpanyang sangkot sa henosidyo at *apartheid* ng Israel laban sa Palestine.

## 1,700

pwesto ang natupok sa pinaghihinalaang sadyang pagsunog sa **Baguio City Public Market** noong Marso 11.

Pinaniniwalaang kaakibat ito ng  plano ng lokal na gubyerno na isapribatisa ang palengke.



## 12,000

tropang Amerikano at 5,000 tropang Pilipino ang lalahok sa **Balikatan 2023** na nakatakdang idaos sa Northern Luzon,

kabilang sa pinakadulong bahagi ng Philippine Strait na kadikit na sa Taiwan Strait. Naghahamon ito ng ganting-hakbang sa China.

## 800,000

litrong krudong pang-industriya ang natapon sa karagatan ng **Mindoro**, **Palawan** at **Panay** mula sa lumubog na barkong **MT Princess Empress** noong Pebrero 28

Tinatayang 18,000 mangingisda ang apektado sa Oriental Mindoro at 1,200 sa Panay.

# Mga komunidad sa Kalinga at Bukidnon, kinanyon at binomba ng AFP

Magkakasunod na kaso ng panganganyon, *aerial bombing* at istraping ang isinagawa ng mga yunit ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga prubinsya ng Kalinga sa Northern Luzo at Bukidnon sa North Central Mindanao sa nagdaang mga linggo. Labis na takot at troma ang idinulot nito sa mga residente ng kalapit na mga komunidad. Apektado rin ang kabuhayan ng mga residente.

Sa Kalinga, walang-patumanggang binomba ng mga *jet fighter* ng AFP ang mabundok na bahagi ng Barangay Gawa-an sa Balbalan bandang alas-2 ng madaling araw noong Marso 5. Ayon sa mga residente, dinig hanggang sa mga bayan ng Upper Tabuk at Limos ang ingay ng mga *fighter jet*. Naghatid din ng takot sa lugar ang pag-iikot-ikot ng *drone* na pangsarbeylans. Kinaumagahan, dalawang helikopter naman ang umikot sa Balbalan.

Liban pa rito, iligal na dinakip ng mga sundalo ang siyam na residente ng Sityo Uta at Codcodwe ng Barangay Gawa-an at idinetine nang pitong oras. Ayon sa mga grupo sa karapatang-tao, patuloy ang pagbubuhos ng tropa ng militar sa Balbalan. Gayundin, mayroong inilagay na *howitzer* sa Sityo Guesang, Poblacion na nakaharap sa Barangay Gawa-an.

Muling iniulat ng mga grupo sa karapatang-tao ang pambobomba at pag-istraping ng AFP sa mga komunidad ng Balbalan noong Marso 9.

Sa Bukidnon, naitala ang maraming kaso ng panganganyon, pambobomba at istraping sa Malaybalay City mula Marso 13 hanggang Marso 16. Kinanyon ng AFP ang Barangay Culaman noong Marso 13 ng madaling araw. Inatake rin ang Barangay Kaburakanan noong Marso 15 ng hapon at gabi. Tinatayang 16 na *rocket* ang inihulog ng dalawang helikopter at naitala ang limang serye ng istraping at dalawang serye ng panganganyon. Muling inatake ng mga helikopter ng AFP ang Barangay Kaburakanan noong Marso 16, alas-12 ng hatinggabi.

**Pagpatay.** Pinaulanan ng bala ng mga sundalo ng 37th IB ang apat na sibilyan, kabilang ang dalawang menor-de-edad, sa Sityo 27, Barangay Sangay, Kalamansig, Sultan Kudarat noong Pebrero 27. Para pagtakpan ang kanilang krimen, pinalabas ng AFP sa masmidya na mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang kanilang inatake.

Kinilala ang mga biktima na sina Nasyon Gantangan, 30 taong gulang at may tatlong anak; Epin Dasol, at dalawang menor-de-edad na sina Waldo Lunon (16) at Verano Matilak (15). Napatay sa pamamaril si Gantangan habang nasugatan si Dasol.

Nakasigaw pa si Gantangan ng "Sibilyan ni!" (Sibilyan kami!) bago siya mapatay. Sa kabila nito, nagpatuloy sa pagpapaputok ang tropang militar hanggang umaga. Ayon sa pamilya ni Gantangan, sobrang daming bala ang tumama sa kanyang katawan na halos mahati ito.

**Pagdukot.** Dinukot ng mga ahente ng 94th IB ang organisador ng magsasaka na si Leonardo Sermona Jr noong Marso 16. Siya ay huling namataan sa Barangay Bi-Ao, Binalbagan, Negros Occidental. Nakapagpadala pa ng mensahe si Sermona na nagsasabing "hinahabol ako" bandang alas-4:59 ng hapon ng Marso 16. Hindi pa natutunton ang kinaroroonan niya hanggang sa kasalukuyan.

**Pag-aresto.** Inaresto ng mga pulis at armadong pwersa ng estado noong Marso 7 ang organisador ng Anakpawis-Rizal na si Arnel Bueza bandang alas-12:30 ng madaling araw sa kanyang bahay sa Sityo Tibagan, Barangay Dolores, Taytay, Rizal. Walang ipinakitang mandamyento de aresto ang mga dumakip. Dinala siya sa CIDG Padilla, Antipolo.

Inaresto ng 62nd IB ang magsasakang si Ricky Elod noong Marso 17 sa Sityo Caliban, Barangay Makilignit, Isabela, Negros Occidental. Hindi pa natutukoy ng mga kaanak ni Elod kung saan siya dinala ng mga sundalo.

**Panggigipit.** Niransak ng mga sundalo ng 62nd IB ang bahay ni JR Apao sa Sityo Binil-iwan, Barangay Calupaan, Guihulngan City noong Marso 17. Tinakot at pinilit ng mga sundalo si Apao na magsilbing giya sa kanilang operasyong militar.

Sa Negros Occidental, pinasok ng mga tropa ng 62nd IB ang bahay ng mag-asawang magsasaka na sina Danila at Libeth Gerunda sa Sityo Lower Caliban, Barangay Banog-Banog, Isabela noong Marso 19. Wala ang mag-asawa sa naturang bahay pero nakita ng mga sundalo ang anak ng mga ito. Tinakot at pilit na nilitratuhan ang mga menor-de-edad sa naturang bahay.

Noong Marso 17, pinasok ng nag-ooperasyong tropa ng 62nd IB ang bahay ni Renante Villacapa sa Sityo Caliban sa parehong barangay. Ininteroga naman si Eyok Diala, residente ng parehong sityo.


Tinutukan ng armas ang babaeng si Evelyn Bitonga sa Sityo Lower Caliban sa parehong barangay noong Marso 20.

Sa Rizal, sapilitang pinatipon at "pinasuko" ng 80th IB at mga ahente ng National Task Force-Elcac noong Marso 12 ang mga residente ng 1K2 Kasiglahan Village, Montalban. Tinipon ng mga sundalo ang 400-500 residente.

Samantala, patuloy na ginigipit ng mga pwersa ng estado ang organisador ng maralita na si Roberto Marquez simula pa Marso 2. Noong Marso 6, pinasok ng mga pulis ang kanyang bahay sa Sityo Sumilang, Barangay San Jose, Antipolo para pagbantaan siya at ang kanyang pamilya. AB

Koresponsal

# Tatag at determinasyon ng kababaihan sa gitna ng digma




Sa mga larangang gerilya sa Negros, tulad ng lahat ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan, pantay ang mga karapatan ng mga Pulang kababaihang mandirigma sa kalalakihan. Katulad ng sinumang myembro ng hukbong bayan, gumagampan sila ng mga gawain sa militar, pulitika, produksyon, medikal, edukasyon at kultura.

Ang hindi lubos maisip na kaya ng isang babae sa burgis at pyudal na lipunan ay nagagawa at napauunlad sa loob ng hukbong bayan. Liban sa pagiging asawa at ina, nagiging mga mandirigma sila na nakikipaglaban para wakasan ang pang-aapi sa lahat ng kababaihan, at ang lipunang pinagmumulan ng pang-aaping nakabatay sa kasarian. Sa rebolusyon nila natagpuan ang pinakamalayang espasyo para sa kababaihan sa loob ng malapyudal at malakolonyal pang lipunan.

Isa rito si Ka Trina, ngayo'y 20 anyos, na nagtrabaho bilang kasambahay mula sa murang edad. Ramdam niya ang kabuluhan niya sa loob ng BHB dahil nagsisilbi siya sa mamamayang inaapi at hindi na lamang sa indibidwal na amo. Nabigyan siya ng pagkakataong makapag-aral, isang karapatang ipinagkait sa kanya ng kahirapan. Napaunlad niya ang kanyang sarili sa tulong ng mga kasama. “Pumasok ako nang halos hindi nakababasa at nakasusulat," kwento niya. "Ngayon ako na ang nagkukwenta at nangangasiwa sa suportang materyal na ibinibigay ng masa.”

Nakita rin ni Ka Thea, 22, ang kanyang lugar sa rebolusyon. "Sa labas ng hukbong bayan, sunud-sunuran lamang ako sa trabaho," aniya. "Bilang mandirigma, pinahahalagahan ang boses ko at bahagi ako sa proseso ng pagdedesisyon at pagpaplano." Lalong tumaas ang kanyang kumpyansa sa mga usaping militar nang makatapos siya sa batayang kurso ng pulitiko-militar.

**Matinding sakripisyo ng mga mandirigmang ina**

Isa sa kinakaharap ng mga kababaihan, pati na rin ng kalalakihang mandirigma, ang pagtugis ng militar sa kanilang mga kapamilya para pwersahan silang ipasurender at gamitin sa kampanyang pagpapasurender ng mga kasapi ng BHB. Karumal-dumal na taktika ng militar sa Negros at ibang bahagi ng bansa ang pagtugis sa inosenteng mga sanggol at maliliit na bata, agawin sila sa pinagkatiwalaang kaanak at “ipaalaga” sa mga ahensya ng estado.

Isang matingkad na kaso sa rehiyon ang pag-agaw at patuloy na pagbimbin kay Baby Marx, anak ng mga mandirigmang sina Ka Jandy at Ka Peeta. Dalawang taon nang binabawi ng pamilya ni Ka Jandy ang bata na inagaw ng 79th IB noong Enero 13, 2021 sa Barangay San Fernando, Talisay City, Negros Occidental. Hindi na niya muling nakita mula noon ang kanyang anak. Sa loob ng dalawang taon, idinaan sa pasikot-sikot na proseso ang kanyang mga kapamilya na naggigiit na ibigay sa kanila ang bata. Mas malala, paulit-ulit na ginipit, tinakot at minanmanan ng militar ang lolo at lola na nagsumikap na maibalik siya sa kanilang poder.

"Pinagsisikapan kong maging matatag sa gitna ng maraming sakripisyo," ani Ka Jandy matapos mabalitaang muling tumanggi ang militar na ibigay si Baby Marx sa kanyang lola noong nakaraang taon. "Nakikita ko ang mga pagsisikap ng aming mga pamilya. Dito ako humuhugot ng lakas. Tiwala akong mababawi namin siya."

Mensahe niya sa mga sundalo: "Bakit ako susurender sa inyo gayong kinidnap ninyo ang anak ko? Sa laki ng pasakit na ibinibigay ninyo sa akin sa pagkidnap kay Baby Marx, umaasa pa kayong makikipagtulungan ako sa inyo?"

Panawagan niya sa mga humahawak kay Baby Marx: "Inosente ang anak ko. Bitawan niyo na siya alang-alang sa kanyang kabutihan."

"Dahil sa brutalidad ng gera, hindi kami nabigyan ni Baby Marx ng pagkakataong makasama nang mas matagal. Kapapanganak ko pa lamang nang inagaw siya sa akin, at hindi na niya kailanman maranasan ang pag-alaga ko, o ng kanyang lolo at lola kahit sa maiksing panahon."

Hindi man maiintidihan ni Baby Marx ang kalagayan sa kanyang murang edad, nais ipaabot ni Ka Jandy sa kanya ang buong pagmamahal at pananabik nilang mag-asawa na makababalik siya sa poder ng kanyang lolo at lola.

"Para sa iyo anak, kami na iyong ama at ina, huwag na huwag mong isipin na iniwan ka o pinabayaan ka namin. Inagaw ka mula sa amin, labag sa iyong mga karapatan at kagalingan. Ginagawa namin ang lahat para makauwi ka na sa iyong lolo at lola." AB

# Pakikibakang manggagawa, sumusulong

Sunud-sunod na welga, protesta at sama-samang pagkilos ang ikinasa ng mga unyon at grupo sa paggawa sa nagdaang mga linggo. Itinampok nito ang pakikibaka nila para sa nakabubuhay na sahod, disenteng trabaho at karapatan sa pag-uunyon.

Nakamit ng unyon sa restawran na Kowloon West sa Quezon City ang dagdag sahod, mga benepisyo at regularisasyon ng mga manggagawa matapos ang tatlong taon na gitgitang pakikipagnegosasyon sa maneydsment. Pinirmahan ng unyon at maneydsent ang kasunduan noong Marso 15.

Nagbunga ang tigil-pasada ng mga pampublikong transportasyon matapos natulak ang Malacañang na makipag-usap sa grupong Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) at Manibela noong Marso 7. Natulak na mangako ang gubyerno na irebyu ang nilalaman ng Omnibus Franchising Guidelines (OFG) hanggang Disyembre 31. Magiging bahagi ang mga drayber, opereytor at komyuter sa proseso nito. Nagbanta ang mga grupo na muling magwewelga kung hindi papabor sa kanila ang mabubuong bagong panukala.

Nagpapatuloy ang welga ng mga drayber at konduktor ng bus ng Admiral Transport Inc. sa garahe ng kumpanya sa Quezon City na bumibyahe sa ruta ng EDSA Carousel. Ikinasa ang welga matapos tumanggi ang maneydsment sa hiling na dagdag sahod at benepisyo sa kanilang negosasyon.

Bumoto pabor sa welga ang mga kasapi ng unyon sa Ateneo de Manila University noong Marso 10. Nagpasya silang magwelga dahil ayaw tugunan ng administrasyon ng unibersidad ang makabuluhang umento at benepisyo sa mga taong 2019 hanggang 2024.

Dalawang linggo nang naglulunsad ng mga pagkilos ang unyon ng manggagawa sa Sky Cable Davao para igiit ang pagtaas ng sahod, pagtigil sa kontraktwalisasyon, at pagkilala sa unyon.

Nagprotesta noong Marso 16 ang mga manggagawa ng Toyota sa Japanese Embassy sa Manila laban sa 22-taong sigalot nila sa dayuhang kumpanya. Nanawagan sila ng hustisya para sa 227 manggagawang iligal na tinanggal noong 2001 na magmula noo'y nakaranas ng intimidasyon at karahasan mula sa estado.

Naghain ng panukalang batas sa House of Representatives ang mga grupo sa paggawa at ang blokeng Makabayan para dagdagan ang sahod ng mga manggagawa sa pribadong sektor nang ₱750 sa buong bansa. Suportado ang panukala ng mga grupong Kilusang Mayo Uno, Federation of Free Workers (FFW), at Bukluran ng Manggagawang Pilipino. AB

## Mga pandaigdigang kampanya ng FFPS

PINANGUNAHAN NG Friends of the Filipino People in Struggle (FFPS) ang paglulunsad ng dalawang pandaigdigang kampanya ngayong Marso bilang suporta sa rebolusyonaryong mamamayan sa Pilipinas.

Muling inilunsad ng grupo ang kampanya para sa pagwawakas sa mga *aerial bombing*, panganganyon at istraping sa mga sibilyang komunidad sa Pilipinas. Higit sa 200 kaso ng mga ito ang isinagawa ng mga pwersa ng Armed Forces of the Philippines sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, habang ilampu na ang nairekord sa ilalim ng rehimeng US-Marcos.

Inilunsad din ng FFPS ang isang taong kampanya para itampok ang ang pagtataguyod ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino kaugnay ng nalalapit na ginintuang anibersaryo nito sa Abril 24.

Itinutulak din ng grupo ang pagpapatanggal sa NDFP, Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at mga progresibong personahe sa listahan ng tinataguriang mga "terorista" ng reaksyunaryong gubyerno sa Pilipinas.

Ang FFPS ay isang pandaigdigang organisasyong sumusuporta sa pambansa-demokratikong kilusan sa Pilipinas. Mayroon itong mga kasaping organisasyon mula sa North America, Europe, Asia at Oceania.

## Sigaw sa Araw ng Kababaihan

SA ARAW NG Kababaihang Anakpawis noong Marso 8, nagmartsa sa iba't ibang syudad ang libu-libong kababaihan, kasama ang ibang demokratikong sektor. Panawagan nila ang dagdag-sahod at pagbaba ng mga presyo ng mga bilihin, kasama ang iba pang mga kagyat na usaping panlipunan tulad ng reporma sa lupa.

Sa Metro Manila, nagdaos ng programa ang kababaihan sa paanan ng Mendiola sa Manila City. Hinampas nila hanggang mawasak ang isang *effigy* ni Ferdinand Marcos Jr bilang simbolo ng kanilang galit laban sa inutil at tutang rehimen. Nagkaroon ng parehong pagkilos sa mga syudad ng Bacolod at Davao, gayundin sa Hong Kong at Canada.

Sa Bulacan, sumayaw ang kababaihan ng Calumpit, bilang protesta laban sa mga pag-abuso sa kababaihan at mga bata. Isinagawa ang pagsayaw sa makasaysayang Bagbag Bridge. Bahagi ang armadong paglaban na ito ng mga Pilipino sundalo sa Gerang Pilipino-Amerikano kung saan pinigilan ng mga Pilipino ang pagpasok ng mga sundalong Amerikano sa Pampanga at Malolos.